Ang sinumang nag-ayuno ng isang araw sa landas ni Allāh, magpapalayo si Allāh sa mukha niya sa Impiyerno ng pitumpung taglagas."}

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang sinumang nag-ayuno ng isang araw sa landas ni Allāh, magpapalayo si Allāh sa mukha niya sa Impiyerno ng pitumpung taglagas."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nag-ayuno ng isang araw sa landas ni Allāh – at sinabing sa pakikibaka at iba pa rito – habang nagpapakawagas kay Allāh dala ng paghahangad ng gantimpala at pabuya mula kay Allāh, tunay na si Allāh dahil sa kabutihang-loob Niya ay magpapalayo sa pagitan ng mukha niya at ng Impiyerno ng pitumpung taon.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4436